**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE'S SPEECH DURING THE MEETING WITH CORDILLERA AUTONOMY LEADERS**

Heroes Hall, Malacanang Palace
July 18, 2017

Kindly sit down and thank you for the courtesy.

Meron akong prepared speech rito, it is a good one but it does not in— I'd like to translate into our local talkaties. Mangyari ho talaga, this unitary type was established by the Spaniards when they came here, 400 years ago. And it was intended to be a Monarchical thing, all authority emanates from Manila, the central government, until now.

Even with the decentralization of the laws passed by Senator Pimentel, it does not had any significant dent in the lives of the people of the Philippines.

One, we start with the— what's troubling us now severely, is the trouble in Mindanao. Truth to tell actually, 60 or 70 years, they say, it's 100 years but I did some reading in the archives of the Malaysian government when I was a congressman, I would place it about— exactly at 70 halos.

And 70 years before Magellan landed in Leyte bringing Christianity, 70 years ahead was the Islamization of Mindanao already. And that is why, despite all these years of war and aggression, I'm trying really to connect Mindanao to the entire Philippines. Well, succeeded in a way but that was really an imposition of imperialism.

Kagaya rin ng Middle East, the Americans went there, the Italians, the Germans, the British— pasok silang lahat doon and they divided arbitrarily the desert of the Middle East because of its oil. And it's not surprising that the Western world was the first really to industrialize.

But it was at the expense of the Arab oil. And men could no longer be controlled because of the so many infightings and the aspiration of the locals to be freed from Imperialism, they arbitrarily divided this— the Libya, Syria and you know, without taking into account the ruling—

You know, whether you like it or not, whether you like it or not, ang Qur'an is the constitution, is the highest of them— Muslim faith. And whether you like it or not, it does follow a very strict rule and it is feudal. It's not in the sense of feudalism of running a country, but it is really feudal.

And that is why, any attempt until now of the Americans despite of the so many invasions, going to Iraq without any reason except there were mass destruction, weapons when there was none.

Ganun din sa Pilipinas eh. So, the Spaniards tried to conquer Mindanao, ang pinakamahaba lang naabot nila, Zamboanga, but they stop Zamboanga, the inroads of the Islam missionaries there, yung Fort Pilar. But that was it. And they all— always won because in 1521 when they disembark there in Leyte, they brought with them cannons, gun powder and muskets and swords.

Well, swords we had, but wala tayong gun power. So whenever there’s a loud thunder of a bang, it always frightened the natives. That help conquered actually Mindanao. But sa totoo lang and you will agree that the Spaniards never even sat afoot there in Jolo.

Ang Spaniards hanggang Zamboanga lang sila. Walang nakapunta doon sa Jolo to claim really Jolo and Siasi and everything as part. It was the Americans because they had the ships, they had the cannons, they already had guns and it was also a product of imperialism.

So dito sa Mindanao, there were a few settlements, it is said that Lapu-Lapu is— was a Muslim, and I would agree with them. If you read carefully the archives of— si Lapu-lapu was— that’s why, he fought savagely with Magellan who was bringing something which was totally, totally strange to them. At yung— well, of course, the crucifix and everything and the religion itself. Kaya early on, patayan sila.

And by the way, before I forget, I don’t know if I need to go to Congress for that. But I signed an Executive Order creating the award of the Order of Lapu-Lapu. Lapu-Lapu was the first to kill an imperialist.

Early on, nag-upakan na sila eh. And the resistance was really great at the time because may poste eh. Ang poste nga, Muslim eh, the Islam faith, much more in Mindanao.

Kaya lang, nung— we should— we, the Cebuanos, my father, he’s from Danao; my mother is a Marano, mestiza; my lolo is a Chinese; but my lola is a Maranao. We claim a part of that bravery, me as a Cebuano and maybe, as a Muslim na kaming mga Bisaya, taga-Mindanao, wala kaming hero. Wala kaming hero ni isa, tignan mo yung hero natin na: Mabini, Batangueño, mga Ilocano. I have nothing with Ilocano, they were very good. Most of my Cabinet members are Ilocano.

Most of our soldiers in general are from Pangasinan and— ang problema lang kasi, we were not recognized as a brave tribe, lalo na ang Cebu. Ang mga Moro pa, may— it’s not a notoriety but there are no— magwala, maghurumentado, lalo na itong mga Tausug. Talaga, ang Tausug, matatapang talaga ang Tausug.

So ang Cebuano, saan man kami, kayo, we are not known for anything, maybe except corwardice. (laughter) Kasi wala ngang hero, but we forgot that Lapu- Lapu was— even if you were really Islam, but he was from there.

You know, before the coming of the Americans and the Spaniards, we were all Malay. We belong to the Malay race, and originally, the Philippine archipelago was part of this Sri Visayas empire of the Malay race. But wala masyadong kuwan, mas pinakamalapit kasi ang Mindanao eh.

So, out of luko-loko man siguro itong mga Pilipino. Wala kaming hero, tapos yung aming unang taga-Cebu, be a Christian or a— and Islam, I really don't care but he was a Cebuano because he came from that place. He killed Magellan. Ano ang ginawa ng mga Pilipino over the years, Lapu-Lapu, ginawa ng isda. (laughter) Anak ka ng— tarantado pala itong mga—

Sino bang gumagawa ng mga komisyon? Is there a commission responsible for that? Si Lapu-Lapu: piniritong Lapu-Lapu, (expletive) ka, tinolang Lapu-Lapu, kaawa naman yung pobre. And siya pa yung unang— nangunguna sa patayan. So what's happening to the bravery of the Cebuanos?

Ganun ang ano, so we have a new award actually sa— the Order of Lapu-Lapu. I had it signed dutifully. I commissioned si Suarez, yung tiga-gawa ng ating ball ring, gumawa ng ball ring namin. Meron bang inyo? Wala na? I lost mine, tinapon ng girlfriend ko noon sa— (laughter)

Kasi yan ang mahirap, sabi ko, yung bigay mo sa mga girlfriend mo yung mga ganun. Anak— ang gaga, tinapon sa dagat.

Well anyway, iyang ito. There was this loose confederation, not really because we were united but because of the impositions of imperialism.

The Americans took over by the Treaty of Paris, the Spaniards lost the war against the American, yung Battle of Manila Bay. So Dewey destroyed the Armada. So nawala ang Spaniards but the Americans stayed with us for 50 years. So ganun din.

Bago naman tayo, 19— when was that? 1946 yung independence talaga. So nakita nila, it was not a well-planned because napasukan ng outsider eh. Kung hinayaan lang sana tayo, puro tayo ano ngayon, Muslim, kayo man ano, di wala sanang problema.

Because— then we would be adopting a way of life that is really there at birth. At yung ating ano, eh ang problema, nahaluan eh. Nahaluan ng Kristiyanos, wala naman akong ano sa Kristiyanos because ako, basta naniniwala ako ng Diyos. Sometimes, I joined the Mosque in Mindanao. Sometimes, naman kung yung babae, katoliko, nagsisimba rin ako. (laughter)

Not so much about God but about so much being yearn the girl that you like kasi— ganun man talaga. Wala mang iba. (laughter) That's an excuse actually.

Ang Cordillera, the development was in the lowlands, just like in Mindanao, in the Visayas— hindi Visayas yang— Cebu is not really Cebu, it's Sugbu. The tribe there is Sugbo, kaya kung makahanap ka ng mga Bisaya— "saan ka?" "Uuuwi ako sa Sugbo," that's Cebu. And the tribe is Sugbo-anon.

Yang Ilonggo, yun na yun. Tapos yung Waray. Waray naman, tanggalin mo yung R, palitan mo ng L, yun na yun, nagkaintindihan na tayo. Akala mo lang — *wara man akong pera*— yung L niyan, wala man akong pera, maintindihan mo. Kaya kung akala mo, hindi mo maintindihan. Both Bicol and itong Waray have very similar set up of phrases. Ganun yan. So yung mga malayo sa development, hindi talaga na-ano.

So, we develop unevenly, ang problema nito, we maintained the unitary type. I'm just suprised— you know, the Americans came from a federal setup country. Bakit pag-alis nila dito, hindi nila sila nag-iwan ng federal type. Sabi nila, it's a question of an archipelago, so many islands to control and that's a bullshit. Eh talagang— yung Puerto Rico na ang layo-layo, ginawa pa nilang teritoryo.

So ano ang nangyari? Nangyari is Manila continued to progress and to swallow the wealth of the nation. The money, dito lahat ang mga ano, so sila dito ang ano nila, historically, sila na yung panahon ng Espanyol, sila nung panahon ng Amerikano; so Manila and Luzon environs develop tremendously.

Leaving Mindanao, Bicol, Cordillera doon sa itaas, almost barren. Ang natira lang sa atin doon, pagkain, you cultivate food but nothing of significance in terms of livelihood and the sharing of the wealth of the nation.

Tignan mo, every election, sino ang nagpipili ng presidente ng Pilipinas? It's the crowd here in Manila. Yung mga mayaman sa Bacolod, yung mga sugar magnate, yun din sila dito, may mga mansion sila. But they were the rich Ilonggos na— yung sila Lopez, sila ngayon. Yung inter-marriage all throughout the years, sila Noynoy.

So they develop a strong clique of citizens who really controlled the country. Kung sinong sabihin nila na patakbuhin nilang presidente, o tawagin lang nila yung mga ano, o mga taga-Bacolod, sila mga Montelibano noon, do you remember? Sila Lopez, o tapos dito; sila, Cojuangco. The sugar producing, yun ang pinakamalaking negosyo noon, raket because of the quota— sugar quota if you remember.

Pag mayron kang quota niyan, mayaman ka. Because yung lahat ng sugar dinistribute, galing sa quota mo, di yun ang nangyari. Pero yung— maski yung Cavite, wala yun.

So they're controlling itong mga Liberal Nationalista, pati tatay ko, my father was governor of Davao when that's only one. One Davao. When he died, pinaghati-hati nila: Davao del Norte, del Sur, Oriental, Occidental, Davao City. Pero malaki ang Davao noon.

So ganun yan, maski ano sila, politiko sila, they had to kowtow here. One is because you cannot trust government. There's always cheating and if you want, to be very sure of your bows, you have to go with the parties na humahawak because also, yung mga appointees dito sa gobyerno, malalaki, puro galing sa mga tao nila.

Kaya that's really desperation ng Bicol, pati ninyo. We have so many of so little. Sino lang man ang na-presidente na hindi nila napili dito? Pili lang ng barangay sa Davao, ako lang. Ilan lang sila nagsabi doon, "Duterte, tumakbo ka." Tumakbo lang ako dahil marami akong brod, eh ito si— kasali ka ba sa Cordillera? (laughter)

Tugade is— Secretary Tugade, taga-Tuguegarao 'to. He's my fraternit— classmate ko sa San Beda, bright 'to. Valed—totoo, Valedictorian 'to. Baka akala mo, I assembled lang yung mga ano, si— Bingbong is from Davao. Jesse is a mixed of Ilonggo and Davao. Wala nga.

Kaya when I decided to run, walang nagbigay ng pera sa akin except yung mga taga-Davao. Yung mga kababata ko noon, naging mga mayaman. Well, most of them, gaya ni Sonny Dominguez sa Finance. He's already a billionaire, he keeps the company of King Bolkiah, nandon nga kasi birthday ni Bolkiah eh. Yung mga— then of course, yung mga 500, 500. So wala akong utang na loob.

Sa Luzon, ang lider ko si Imee Marcos because my father was a Cabinet member of the first term of Marcos, kasama sila ni Conrado Estrella, sila si Raquisa. That was the first set.

Yun ang iba, pero walang ano talaga, walang significant contribution ang ano. So dito lang sa Maynila, maski bobo ang (expletive) "basta, o sige, ikaw, sige puwede ka diyan, ke ikaw na ang successor."

Wala talaga. So, tayo, tapos yung na mga utang na loob nila, then sabi ko, wala man kayong masabi sa akin, I said was a Chinese. The Taipans came, bought everything, ke sila may negosyo, sila ngayon may pera. So I'd like you to know that hindi ako tumanggap.

Kung kilala mo si Lucio Tan, tanungin mo siya. Two days before the election when he was in Davao looking for me. I never show— granted him an audience. Hindi talaga ako tumanggap ng pera, sabi ko, "ayaw ko." Kasi pag ako, na-presidente, kailangan—

So, Imee, si Abet— si Garcia it's only because he's my friend. Tapos, Cebu sa Visayas and to think that I'm— my father was from Cebu, walang Cebuano na nagsuporta sa akin na governor or— even a bar— wala akong barangay captain ni isa.

In Mindanao, isang governor na babae, dahil girlfriend ko siya noon. (laughter) Hindi, totoo yan. Ngayon, hindi na, kasi may asawa na eh. (laughter) But I just saw her this also because may reklamo siya, may hiningi siyang apat na posisyon, bigay kaagad, (laughter) para wala ng gulo. (laughter) Singilin ka pa sa mga atraso mo sa kanya. Sabi

ko, “Bong, ibigay mo lahat yan, kung hingiin yung opisina ko, ibigay mo.” (laughter) She was here, the 3rd, pangatlo kanina. Yun lang nagsuporta sa akin. Well, in her place, I got almost a majority of 50,000.

But all in all, I got 15— 6 of— million of that is my majority.

Ngayon, sino ang mga politiko nag— sabi ko, I am the best guy in town now to insist only.

Kasi ito, they begin to protect their turf, kasi pagka federal na, it might dissipate really because of the reconfiguring of powers. Pero ako, I am insistent on it, prangkahan ko lang kayo ha? Para wala tayong sisihan. Pag hindi ninyo ibinigay sa Mindanao ang aspirations ng mga Moro people, there will be war forever. It started 52 years ago. And it will hound us for another 100 years.

In the end, we will lose, baka city states na lang because the Christians there would have to compromise also in order to bring peace for the land, we might be something like the Balkan states: Serbia, Croatia— ganun ang mangyari sa atin.

Dito sa inyo, baka ganun rin. Because pati yung mga electricity ninyo, lahat ng ano, power, iniiikot pa yan kung saan-saan pumunta yung kuryente, pumunta pa ng Batangas at mahal.

And again, I would like to remind you, I am not really the pretentious pero yung mining, one of these days, it will really destroy the country. Makita mo naman yung kay Ted Failon, and the pictures shown by Gina, totoo talaga yan. Maawa kayo sa— ako, well, everything that you hold is— galing mining yan. Ito, maski silya; galing yan sa bowels of the earth.

Pero kung yung makita niyo sa— kay Ted Failon na so many kilometers of land na excavated, open pit eh. Tapos, wala. Buti sana kung dito, may tanim kaagad itong mga miners, wala eh. Gusto lang magpayaman ang mga (expletive) niya. Yan, galit rin ako sa kanila but I cannot openly— nandiyan si Gina, nagdadaldal. Ngayon, wala na si Gina, somebody has to take the cudgels. Do not ever believe that I receive a single centavo, magdag— bigay sila, hindi ako nagtanggap.

Because sabi ko, sinisira na eh. And you know what? Hindi ako magpa-ano sa inyo ha? It’s my destiny, it’s your destiny as a nation that you will have me. Hindi niyo ako kilala, wala nga akong barangay captain ni isa sa inyo eh. Even in your place, nobody supported me, actually.

And yet, in Baguio, I won, so nanalo ako, walang nagsuporta sa akin ni isa, except Dulay because kasama namin sa dormitoryo yan noon. Ilocano yan eh, from Baguio. He’s the— yan BIR. Ngayon, may kaso na— huwag kayong maniwala diyan. I know the guy, he’s really very honest. Kaya ko kinuha yan, BIR eh. Yung mga assessment-

assessment, you know that assessment, trabaho niya yan. When I say that it is good for the country, it's good for the country. I do not believe na— mahusay yan.

So ito ngayon ang gulo, the uneven political set up, the distribution. Biro mo, ang Davao, kalaki ng income ng Davao, (expletive), magpadala ng pera dito, tapos, ang ibalik mo is part of the 19 na bilyon, yung IRA na umaabot sa atin. Pero ang— I am contributing something like— malaki ang Davao. Magsabi ka lang siguro about— we— the almost— the dollars, ang pinaka— ang dollar earning sa Pilipinas, hindi sa mining; we only get 5 percent. It's a measly sum. Ang Davao agriculture gives us about 52 percent of the total export earnings, in dollars.

See what land can do and what it can give us if there is no trouble. Mawala lang ang rebelyon.

Mining, sige ka, pak— sirain mo yung bukid niyan. How much are they paying? All in all? That's 70 billion a year. 70 lang. Susmaryosep. Tsk.

Kaya sabi ko, disaster must be changed, kailangan talaga, otherwise, pag-umpisa ng Mindanao, medyo masama na yan. And the one thing that I really want to avoid is for the Christians also to get the air in their heads na mag-armas rin sila because they are in danger. You just create a communal wars that you will not be able to contain. So, bantay kayo diyan.

So the earlier that we go into a federal system, ngayon, bakit wala pa ako, because I had to wait for the Bangsamoro Basic Law. Hindi ko kasi maka-framework ngayon kung saan— hindi ko alam kung saan ko ilagay. Parang puzzle yan eh. Maggawa ako ng configuration ng Philippines, o dito, anong region 'to? And what would be the regional powers? But then, we have to amend the constitution because the national government has to surrender almost everything.

In a federal state, ganito yan eh. In America, the powers are clearly spelled out in the constitution. What is not placed there goes to the state. Ang sa Pilipinas, nakalagay ang powers ng local government, pag ano yung wala, pupunta doon sa itaas.

Kaya even if you go out on a leave, you go outside the Philippines, it's a simple life. You have to get the permit from the President for you to— eh meron namang Custom, eh mag-reason diyan, di yung lahat ng order ng korte, ipadaan mo diyan, hindi naman kailangan punta ka dito sa Malakanyan.

Kaya ako, yung magsabi na magpunta doon, ahh palayasin mo, eh permit-permit. Sabihin mo tuloy, huwag na bumalik. (laughter) Sabi kasi, number one, hahabulin kasi ako minsan sa airport papirma ng pirma ito, ahh ayaw ko. "Sir, hindi makaalis eh." Eh anak naman ng (expletive). "Sabihin mo sa Customs, wala akong pakialam diyan." They have the right to travel, that's a constitutional right, why do you have to put some respects there?

Sabihin mo, “sige, umalis na siya. Huwag na siyang—”, sabihin mo, huwag na siyang bumalik.” Para may pag-asa naman yung iba doon manalo, kasi— (laughter) binibili niya yung boto. (laughter)

Ako, walang partido. Kaya yang mga transfer-transfer na mga military, maski ayaw nila mag-istrikto, ang Regional Commander— tawag ako. Ako lang— makatawag sa akin ng ganun, really.

I have the— in the sense that I have the freedom to deny, yung iba, wala eh, kasi leader ni ano, ah hayaan mo na, magtawag yung leader, magtawag yung congressman, magtawag yung mayor. And may I remind you, that five years ago, narco-politics entered the picture in the Philippines scene.

Di natin alam, yung mg barangay captain, yun ang nanalo, puro mayaman, pera. Kaya ako takot na magtawag ng barangay eleksyon, simple. Ang mananalo lang lahat, yung barangay captain na nasa droga ngayon. Patayin mo muna yan, bago tayo magkaroon ng freedom dito.

O totoo, ubusin mo muna or patayin mo talaga. Hindi kasi alam nitong De Lima na itong bigaon na walang— eh alam niya kung ano ang ano, drugs has destroyed or has put into shake the foundations of government.

Yan ang hindi alam ninyo, na kung mag-eleksyon tayo ngayon, kung suportado na ang mga druglords or mga druglords ang tatakbo, punyet— patay ang Pilipians. Then, what will happen to the next generation? Anong sabihin nila sa akin o pati yung susunod ko? Huwag na yung sinundan ko? Wala talaga yun. (laughter)

Aba eh, eh yung aide niya na pulis, si Garbo. And I can give you the evidence now. Hindi dito sa Pilipinas, China provided it even. Itong America, alam nila. Eh kung nanalo yung Roxas na yun, si Garbo ang PNP Chief? Eh saan tayo pupunta? Eh kaya mahirap yan, you know, ganun lang yan.

But the shabu is a virulent thing in our lives. Why? Because it will create a generation of slaves. Parang sa America noon, yung black, tawag nila noon, Negro. Dito, hindi tayo binili sa slave markets, we were not slaves; but our children will become slaves to a chemical and it will just put them to slave everyday and commit crimes and do nothing, pag wala tayong ginawa.

Kaya sabihin mo sa akin, ang Human Rights yan, ipagpatawad mo na ako. Isali mo na ako sa ano mo, sa pag-ano mo sa Diyos. I am doing it for my country.

In Davao, when I was mayor, I said, kasi magulo noon, (unclear). Anybody who destroys my city, I will kill you. And anyone who destroys the young of this city, I will kill you. What’s wrong with that?

Is there any law which says you cannot threaten criminals? Kaya ko binigwasan si— ewan ko kung nasaan na si (unclear), binigwasan ko talaga si Ombudsman. Kasi sabi niya, killing/goading people, goading is to— tinutulak mo magpatay ng tao.  Sabi ko, “ka-stupid mo namang (expletive).” Eh nakita niya— yan si Carpio-Morales, ang kapatid niyan, balae ko. Anak ng kapatid niya, si Inday, yung Mayor na nanununtok rin. (laughter) Pare-pareha na yan sila lahat. (laughter)

You know, alam mo kasi, sabi ko, “ako.” Sabi ko talaga, sinasabi niyong bastos, bastos ako. (expletive), talagang bastos ako.  Basta bayan ko na, do not fuck with my country. Puwede tayong mag-away ng ibang bagay, (expletive) pag gagawain mo sa akin, ang bayan ko, talagang papatayin kita.  Prangkahan kita, eh nandiyan si Mayor, pinatawag ko lahat ng mayor rin, hindi magkasya.  In three batches.

Sinabi ko talaga, (expletive) huwag kayong pumasok diyan, papatayin ko talaga kayo. Sabi ko, huwag kayong matakot sa akin, kung wala ka namang ginawa, wala kang dapat isentimento sa akin.

Governors, ganun rin. Pati yung darling ko, yung nagpapanalo sa akin doon sa— Huwag kayong pumasok diyan, talagang papatayin ko kayo. How can you survive na country na ganun. Kita mo na, and a 4 million addicts.

Kaya itong si Carpio, sabi ko pa naman— balae ko pa naman yan kapatid. Huwag mo akong i-criticize kasi kampanya pa lang, mayor pa lang ako ng Davao, ewan ko kung narinig ko yung— drama kayo sa kampanya, di naman kayo bilib sa akin eh, di bale. (laughter) Sinabi ko talaga, papatayin ko kayo.  I kept on repeating it everytime I am on—  before the public or on stage.

Balik tayo dito sa ating ano, so isa pa yan.  Kung magkaroon ka ng bobong presidente, that would allow these things to happen.  Whatever it is: corruption, drugs. But we’re all bound by this stupidity and ineptitude.

Ngayon, kung magkaroon tayo ng regional ano, bahala na kayo. Eh, si Mayor— ito si Mauricio, mahusay ito ha?  I mean, he’s a good player diyan sa governance, matagal na eh.  He can invite big companies dito, kayo. Mine, okay; but mining according to our terms.  Makita mo sa Mindanao, kanya-kanya maski sinong may-ari ng sa Surigao? Eh di yung governor pati Mayor.  Sila man yung may-ari ng mines.  Aba’y sinong makapigil?  Kaya yun, naalis noon si Gina, nilagay ko si General Cimatu, taga-Ilocos Norte man siguro yan.  Eh na-assign sa Davao eh, kaibigan ko yan eh.  Sabi ko, “diyan ka muna.” At least, sabi ko, pag ano, ipapatay mo na lang. (laughter)

Ayaw talagang maniwala, eh sisirain talaga ang bayan natin eh.  Kaya sabi ko nga, magkadiprensiya tayo, huwag lang ang bayan. Kasi sa bayan talaga, (expletive) wala tayong pinag-usapan diyan.  Maski ganito lang ako, taga-Mindanao lang kami, pero ito yung bayan na— ito yung bayan ko, sabi ng nanay, pati tatay ko.

But you know, if we do not develop— if there is no competitiveness in the regions, yung inyong ano, dali pa rin. At lahat dito, so what is not empowered on us by law, diretso yan sa national government. Ang federal, kung anong nakalista diyan, yung wala sa listahan, doon yan sa baba. That's the very essence of ano, and the power to retain the money.

So maggawa lang tayo ng schedule, for example, like Davao, I've earning much, so okay. I'll just pay you for the federal upkeep. Una niyan is— of course, the military. Pero sabihin ko sa inyo, hindi talaga ako papayag ng regional armed forces, that's out of the question. Kung nandiyan pa ako sa— no way ako. Payag ako, regional police, but yung purchases ng arms, lahat, must come from the PNP, sa taas. Yung nangyari sa Cotabato, they were allowed to import so many firearms eh. Kaya ang mga Ampatuan doon, yun ang pagwalaan nila.

Hindi ako, basta, ang sa military, ang commander-in-chief, whether he is the Prime Minister or— one line lang talaga yun. Either who— the one line up to the last enlisted men sa Jolo. Ganun rin sa pulis. May mga autonomous pa sa region, okay lang. But yung purchases ng firearms, it should belong to the national government.

But ako, I suggest, hindi naman ako makatakbo, I'm limited to one term, do not go for a Prime Minister, purely. Follow France, huwag ninyong sundin yang parliamentary type ng Britain. But there must be a question hour for the president at hindi mo puwedeng gawain sa presidente buwan-buwan. Maybe, in periodic, kasi ang parliament, diyan mismo, bubukuhin mo ang Prime Minister. Kung may project na hindi mo gusto, diretso. Eh dito, walang para-para, di pagdating, corruption grabe.

There must be check and balances. But all of these things is that— ang essence kasi ng federalism is initiative. You do not kill the— kanya-kanya kasi ang tao maghanap ng pera eh. Ganun talaga ang tao, talent. Just like America, if you have the talent, if you have the ano, yung mga utak, marunong, computer, they become millionaire.

Dito, stymie ka. So kailangan talaga, there must be a strong president to control the security and the sense of governance but yung ano, business, hayaan mo talaga to— yun ang federal.

Sa inyo, marami, magtanim pati maghanap pala ng— doon sa Mindanao, the riches province maybe in the years to come will be the North Cotabato. That is a place inhabited by— mostly, Ilocanos. Doon, tutok sa bukid nila, wala kang makitang brown, it's green, it's rubber or lahat, it's a big producer ng (unclear). Basta Ilocano, sa lupa. Kung gusto mo naman ng away, mga sundlo, yung South Cotabato. Yang mga Ilonggo ka— lintik na away na. (laughter) bang-bang diri, bangbang didto.

Lahat ng sundalo natin, and even the generals now, if you make a head count, it's Pangasinan, Kalinga, Iloco— puro Ilocano, Ilonggo ang ating sundalo. Ratio? About 3 to 7, wala akong nakitang sundalo na Bisaya. Pagkaduwag ng mga (expletive). (laughter) Ayaw mamatay. Eh totoo, wala ako makita. Hindi, biro lang yan pero— wala

talaga akong nakita na Cebuano, bihira eh. In general? One or two or three. Ang marami, andiyan General Esperon, mga yan, General Esperon is from Pangasinan; sila FVR, Espino, puro yan—

So ganun, simple lang. Then, simply is— yung illustration ko. Eh ito, decongest and decontrol. Kasi dito, pag magpunta rito sa ano, di ko kilala, ang ipakita, ang Maynila, Cavite, Batangas— ay, anak ng pu—

Yung mag-invite ka ng delegations, ipakita mo, huwag mong ipakita, sabihin mo, huwag magpunta, maraming holdaper doon, Dito ka. Oh ganon, you have the islands there to show.

I— and before I forget, I would like to assure you that as a Regional Autonomous Region, in the preparation of the draft to be proposed, I will be taking mostly— some, itong mga bright na— Justice Puno; puro diyan. Yung mga yan, di ko kilala eh. Yung appointee ko nga ngayon, Supreme Court, hindi ko kilala yan eh. Si ano, I do not know him. Wala, wala akong pili sa ano. Karamihan sa mga kabarkada ko sa San Beda, puro yan sila Ilocano. Wala akong ano ah, wala akong— yung bigotry. Pero bigyan ko kayo ng— at least, one or two sa commission, constitutional change. (applause) I know of one, si Lito Ramirez but I don't— hindi ko alam kung nasaan yung buang. He was— ka-batch kami niyan, he was number four sa Bar;' number 10, Valicanta from Ilocos Norte, Ilocano rin yun; George Edubala pala ang number four, Ilocano yun. Ang number six, si Lito Ramirez, yung Chief of Staff ni Agi, Aguinaldo, nung Congressman siya. Lito, mabait, ano yan, bright rin yan. Puro Ilocano yung ano namin. Kaming mga Bisaya, kasi malayo man kami, hindi— kulang sa hangin sa ano. (laughter)

Eh paano, sige lang inom diyan sa Legarda. (expletive) yang pagbaba mo diyan sa bridge sa Legarda, ganun, di ano, yung aming— ano yung daan diyan? Mendiola. Baba mo ng ganun, yang kanto talaga diyan, milyonaryo na yan. Ganun-ganun lang ang tindahan niyan, siguro ang nakuha sa amin yan sa bulsa ng pera ng nanay ko, mag-abot siguro ng mga— magsabi ka ng 200,000. Meron kasi sa baba lang eh. So bago magpasok, sige, banat. Tapos, wala ng eskuwela, banat. (laughter) (expletive)

So that is really my state. That's my drift of how it would go. It would— one federalism would really create more initiatives among our fellowmen.

Second is a more equitable distribution of the wealth. More control, more power and more retention of the money. More than one/half ka talaga diyan, so sigurado ka na na at the start of the year, may project ka talaga. Yung walang mga initiative, wala tayong magawa.

But then, bo-bloom din yan, basta federalism, kanya-kanyang hila ng customer eh. Parang babae yan, kanya-kanyang hila ng customer. O dito ka, dito ka. (laughter) Totoo.

And mas— I guarantee you. And the one thing talaga na ang masasabi ko sa inyo is— I'm worried about the security of the nation. Kasi yung MI, MN, mabuti't na nga, nakipag-usap sa atin. Tignan mo, pumasok ang IS. And ito, tanungin mo si Gen. Esperon. During the first command conference, I was the one who brought up the matter.

We were talking abou tdrugs and crime and I said, before we ended the meeting, so there's one thing that you should realize, it is looming big in the horizon, dark clouds. We call, it' the coming of the ISIS. On the dot ako. Kaya bilib yan sila sa akin, sabihin ko na—

Sabi ko na ang ISIS, sabi ko sa komunista kanina, mag-usap kami sa itaas. (expletive) you will become irrelevant if the ISIS will prevail? Wala. Ang ISIS is— insane ideology that does nothing except to kill and destroy.

O sabihin ninyo, mga disenteng tao yan, doon sa ano, Middle East, ang babae nila, pag ayaw magpagamit, sunugin. (expletive) klaseng— mga bata, mga bata, itinatapon sa—

Ah oo, kasama na ito, I'm just waiting for the certification of ano— ano ito eh. Eh kasali ito sa ano, kasali ito sa— itong BBL. (applause) Kanina— Infra request work. (laughter) Bahala ka na diyan, katabi mo na eh. (laughter) Bingbong is from Davao. He's the son of Justice Medialdea, pero Bingbong is a Davaoeno pero pareho kami, migrant yan siya. Ang tatay ko, pumunta ng Mindanao, binata, nag-asawa. But sila si Bingbong, Ilocano yan, but his father— when his father was the provincial fiscal of Davao City, my father was governor, pero Ilocano yan. Kasama na ito sa endorsement.

And of course, infra— ewan ko kung ano, you just go, feel free to see Secretary Villar. Si Secretary Villar is the son of Manny and Cynthia. Ayaw naman nila, sabi nila, ito na lang, patakbuhin diyan nila ng— sabi niya, ayaw niya, mas buti sa kan— Hindi, this coming election, sabi niya, ayaw niya, gusto niya magtrabaho lang. Buti pa.

But we have one candidate here, huwag ninyo kalimutan, si Cuy, hindi ko i-approve itong bill niyo. Bahala kayo diyan. (laughter) Kindly, do not forget Attorney Tolentino, (applause) before ma-mayor ng Tagaytay, kasama kami niyan. He lost last election, but sayang. He's a very good man, soft spoken. Nag— started motor-motor.

Alam mo, itong Pilipinas, inikot ko na ito sa big bike, twice. Ganun talaga, Abra paganun. Na yung Abra, walang ginawa kungdi magpatayan. (laughter) Sabi ko, huwag na— Abra, kaibigan sila, magkasama sa politika, yung bahay nila, may hagdanan— mga yan, nag-isang linggo, isang— one morning, wala, barilan, patay.

Yung si Bersamin, nagsimba, ah patay. Tang itong Abra, walang pinipili. (laughter) Masimbahan, punerarya ka, (laughter) banatan ka. Bilib ako ng mga taga-Abra. (laughter) Totoo. Doon yung mga babae kanina eh, nagrereklamo sila. Sabi ko, pinalitan ko yung, "palitan mo yung Regional Director o kaya yung ano, PD," sabi ko. That's the only way to do it eh. Lagyan kayo— sabi ko naghahanap ako ng Moro na—

(laughter) para neutral. Wala, pagka pulis, ahh, mamaya mababait man yan. Pagka umabot na yang mga ganun, superintendent, mababait na yan, at least, marunong.

Ayun man ang ano nila, kasi, nagpapatayan na naman. Tapos nandito man kanina si Chief PNP, sabi ko, palitan mo na lang para wala ng— Wala man rin akong kilala sa kanila. Yan nga ang pabor— yan ang pabor ko. Wala talagang pulitikong lumalapit sa akin. Lalo na yang transfer-transfer kasi droga, ganun, ahh, kaya minsan, yung bata niya, “ah palusutin mo yan, konti lang yan.”

Alam mo, ang kasalanan ng mga opisyal, hindi masyado yang— sila mismo, meron, meron. Pero kita mong si Albuera, patay na, yung pinatay sa jail. Meron ka diyan, magtawag sa judge, magtawag sa— nanghihingi ng protection. Yan ba. Pero sisingaw rin yan eh. Ako, may apat na akong prinangkahan talaga, sabi ko. (expletive) mo yan, talagang papatayin kita. Baka akala mo, taga-Abra lang ang marunong mag—(laughter)

Salamat ho. (applause)

* * *